# Manatiling malusog habang nagbubuntis — bago at pagkatapos ipanganak ang inyong sanggol!

Baby+Me

Nagbubuntis o kakapanganak pa lang? Bilang miyembro ng HPSM, puwede kayong sumali sa programang **Baby+Me**. Ikokonekta kayo ng programa sa mga serbisyo at mga lokal na mapagkukunan para suportahan kayo habang at pagkatapos ng inyong pagbubuntis! Sa pamamagitan ng programa, puwede kayong:

- Maghanap ng tagabigay ng serbisyo para sa inyong pangangalaga sa nagbubuntis
- Makakuha ng breast pump nang libre
- Kumonekta sa isang tagabigay ng serbisyo ng doula
- Ma-access ang iba pang lokal na programa para sa mga magulang at pamilya

Bilang isang miyembro ng Medi-Cal ng HPSM, puwede rin kayong makakuha ng hanggang $100 gift card para sa pagpunta nang kahit dalawang beses lang sa inyong tagabigay ng pangangalaga sa pagbubuntis:

★ **$50 gift card** para sa pagpapakonsulta sa inyong tagabigay ng serbisyo sa **unang 12 linggo** ng pagbubuntis.

★ **Isa pang $50 gift card** para sa pagpapakonsulta sa inyong tagabigay ng serbisyo **1-12 linggo pagkatapos ipanganak ang inyong sanggol.**



HealthPlan OF SAN MATEO
Healthy is for everyone

**Mag-sign up sa pamamagitan ng pagtawag sa aming Baby+Me team sa 650-616-2165!**

Puwedeng mag-opt out ang mga miyembro kahit kailan pagkatapos sumali sa pamamagitan ng pagtawag sa Baby+Me team.

Baby+Me

# Kunin ang inyong mga gift card sa ilang hakbang lang:

Pagkatapos mong makipag-usap sa **Baby+Me** team, magpapadala kami ng form at sulat sa inyo gamit ang koreo.

→

Dalhin ang form sa inyong tagabigay ng serbisyo ng pangangalaga sa pagbubuntis at hilingin sa kanila na punan ito.

→

Ipadala ang form pabalik sa HPSM gamit ang sobreng may selyo o sa pamamagitan ng pag-fax nito sa **650-829-2073**.

Ginagamit ng HPSM ang form para kumpirmahin ang iskedyul ng inyong mga pagpapakonsulta habang at pagkatapos ng pagbubuntis. Kung kuwalipikado kayo, padadalhan kayo ng **$50 gift card** para sa bawat isa.

## Alamin Pa ang Tungkol sa Programa

Pumunta sa **www.hpsm.org/baby-and-me** o i-scan ang QR code para alamin pa ang tungkol sa mga programa, serbisyo, at mapagkukunan na makakatulong sa inyo at sa inyong sanggol na maging malusog!

**Kung isa kayong miyembro ng HPSM na nagbubuntis o kakapanganak pa lang, mag-sign up na!**